**Mga Mapipilian sa Pagbabayad ng Pederal na Pautang ng Mag-aaral**

Mayroon kang natatanging mga mapipilian upang pangasiwaan ang pagkakautang ng pederal na pautang ng mag-aaral na hindi magagamit sa mga pribadong pautang. Mga kabilang dito ang:

<u>Mga Plano sa Pagbabayad Batay sa Kita</u>: Kung mayroon kang kahirapan sa pananalapi na hindi nagpapahintulot sa iyo na bayaran ang normal na buwanang pagbabayad, maaari kang magbayad ng 10 hanggang 15% ng iyong pagpapasya ng kita sa loob ng 20 hanggang 25 mga taon at ang natitira na balanse ay mapapatawad.

<u>Pagsasama-sama ng Pederal na Pautang</u>: Pinahihintulutan kang pagsamahin ang lahat ng iyong karapat-dapat na pederal na pautang ng mag-aaral sa isang solong pautang na may isang solong tagapagserbisyo ng pautang

<u>Mga Unti-unting Pagbabayad</u>: Ang iyong mga pagbabayad ay nagsisimula nang mas mababa at unti-unting tumataas sa paglipas ng panahon.

<u>Mga Pinahabang Pagbabayad</u>: Nagbabayad ka ng mas mababa sa bawa't buwan nguni't pinahaba ang buhay ng iyong pautang sa mas mahabang panahon.

<u>Mga Pagdidskarga ng Batas</u>: Kung ikaw ay naging ganap at permanenteng may kapansanan o nagsasara ang iyong paaralan, maaari kang maging karapat-dapat para sa pagdiskarga ng iyong mga pederal na pautang.

<u>Pagpapatawad ng Pautang sa Serbisyong Pampubliko:</u> Kung nagtatrabaho ka sa serbisyong pampubliko, maaari kang maging karapat-dapat sa kapatawaran ng pautang pagkatapos ng 120 ng mga kwalipikadong pagbabayad.

**TANDAAN:** Ang hindi pagbabayad ng mga pederal na pautang sa mag-aaral ay maaaring magresulta sa mga malubhang kahihinatnan. Kung pumalya ka na gumawa ng mga pagbabayad sa iyong mga pautang sa mag-aaral sa loob ng **<u>270 mga araw</u>**, ang iyong mga pautang ay pupunta sa katayuang ng **<u>DEFAULT (PAGPALYA SA PAGBABAYAD)</u>** at ipapadala sa isang **<u>kolektor ng utang</u>**. Ang pamahalaan ay maaring bawiin ang bahagi ng iyong suweldo o mga pederal na benepisyo at iulat ang iyong mga pautang bilang default sa mga ahensya ng kredito. Maaari ka ring mawalan nang paggamit sa karagdagang pederal na tulong sa mag-aaral, o ng kakayahang pumasok sa pagpapaliban o pagpipigil o pumili ng isang plano ng pagbabayad.

**<u>TULONG</u>**

Mag-aplay para sa pederal at tulong sa mag-aaral ng estado gamit ang *Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong sa Mag-aaral [Free Application for Federal Student Aid (FAFSA)]* na pormularyo sa online sa (https://studentaid.gov/h/apply-for-aid/fafsa) o gamitin ang myStudentAid mobile app sa isang smart phone

Ang FAFSA ay **<u>LIBRE</u>**. Hindi ka dapat magbayad sa sinuman upang punan ito.

Makukuha ang libreng tulong mula sa Sentro ng Pederal na Impormasyon ng Mag-aaral sa https://studentaidhelp.ed.gov/, o tumawag sa (800) 433-3243

Kumuha ng isang pagtatantya ng iyong pagiging karapat-dapat para sa pederal na tulong sa mag-aaral gamit ang *FAFSA4caster* (https://studentaid.gov/understand-aid/estimate)

**Kung hindi ka dokumentado, magsumite ng isang Aplikasyon ng Batas sa California Dream** (sa halip ng FAFSA) na makukuha sa https://www.csac.ca.gov/post/resources-california-dream-act-application

Isumite ang aplikasyon ng *Pangakong Kaloob ng California [California Promise Grant]* para sa kolehiyo ng komunidad kung hindi ka maaaring mag-aplay ng isang FAFSA o CDAA (https://www.cccapply.org/en/money/california-college-promise-grant)

Suriin ang checklist (listahan ng impormasyon) ng Pampinansyal na Tulong ng California sa https://www.csac.ca.gov/pod/financial-aid-checklist

Tumawag sa Komisyon ng Tulong sa Mag-aaral ng California (California Student Aid Commission) sa (888) 224-7268 para sa tulong

(Pinagkunan: https://www.csac.ca.gov/how-apply)



# PAGBABAYAD PARA SA KOLEHIYO: ALAMIN ANG IYONG MGA MAPIPILIAN

## 1/2

Maraming iba't ibang mga mapipilian upang matulungan kang magbayad para sa kolehiyo. Maaari kang makapagbayad para sa ilan o lahat ng iyong edukasyon sa pamamagitan ng isang kumbinasyon ng mga mapipiliang ito. Hindi ka dapat magbayad sa sinuman upang tulungan kang mag-aplay para sa pampinansiyal na tulong . Maaari mong malaman ang tungkol sa mga ito at mag-aplay nang libre. Saklaw ng gabay na ito ang mga mapagkukunan ng pederal.

HERA

housing and economic rights advocates

Kung nais mo ng karagdagang payo tungkol sa pagpipili ng isang paaralan, pag-aaplay para sa pampinansyal na tulong, o pangangasiwa sa iyong pagkakautang ng pautang ng mag-aaral, maaari ka ring makipag-ugnay sa amin. Housing & Economic Rights Advocates (HERA) P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604 Telepono: 510-271-8443 ext. 300 Fax: 510-868-4521 E-mail: inquiries@heraca.org www.heraca.org

**PEDERAL NA PAMPINANSYAL NA TULONG**

**PANGKALAHATANG-IDEYA**

**Mga kaloob**: hindi kailangang bayaran pabalik (maliban kung, halimbawa, umalis ka sa paaralan at may utang ibabalik na ibinayad)

**Mga Pautang:** hiniram na pera para sa kolehiyo o paaralan ng karera; dapat mong bayaran ang iyong mga pautang, na may interes

**Trabaho-Pag-aaral**: nagbibigay ng part-time na trabaho habang ikaw ay nakatala sa paaralan upang matulungan kang magbayad para sa paaralan. *Tingnan sa opisina ng pampinansyal na tulong ng paaralan upang makita kung nakikilahok ito*

***Sa kasamaang palad, ang pederal na pampinansyal na tulong ay hindi makukuha ng mga hindi nakadokumentadong mag-aaral. Gayunpaman, maaring makuha ang ilang mga programa sa tulong ng estado ng California (tingnan sa ibaba)***

**MGA PEDERAL NA KALOOB**

**Mga Kaloob ng Pell**

Pagiging Karapat-Dapat: Mga mag-aaral na may pambihirang pangangailangan sa pananalapi

Halaga: Hanggang sa $6,345 para sa gantimpalang taon 2020-21. Depende sa kontribusyon ng pamilya, gastos sa pagdalo, full time o part time na katayuan, at kung pumapasok sa buong akademikong taon o bahagi lamang nito.

Karagdagang impormasyon: https://studentaid.gov/understand-aid/types/grants/pell

**Mga Pederal na Kaloob na Pandagdag sa Oportunidad na Pang-edukasyon**

**[Federal Supplemental Educational Opportunity Grants (FSEOG)]**

Pagiging Karapat-Dapat: Pinagpapasiyahan ng paaralan ang pampinansyal na pangangailangan

Halaga: Sa pagitan ng $100 - $4,000 bawa't taon

Karagdagang impormasyon: https://studentaid.gov/understand-aid/types/grants/fseog

**Mga Kaloob na Tulong sa Edukasyon ng Guro para sa Kolehiyo at Mas Mataas na Edukasyon**

**[Teacher Education Assistance for College and Higher Education (TEACH)]**

Pagiging Karapat-Dapat: Ang mga mag-aaral na nagkukumpleto o nagpaplanong magkumpleto ng gawain sa kurso na kinakailangan upang magsimula ng isang karera sa pagtuturo. Nagiging pederal na pautang sa mag-aaral kung hindi matugunan ang pangako.

Halaga: Hanggang sa $4,000 bawa't taon

Karagdagang impormasyon: https://studentaid.ed.gov/sa/types/grants-scholarships/teach

**Mga Kaloob sa Serbisyo sa Iraq at Afghanistan**

Pagiging Karapat-Dapat: Ang mga mag-aaral na ang magulang o tagapag-alaga ay isang miyembro ng U.S. Armed Forces at namatay bilang resulta ng serbisyong militar na isinagawa sa Iraq o Afghanistan pagkatapos ng 9/1

Kailangang hindi karapat-dapat para sa Kaloob ng Pell

Halaga: Katumbas ng halaga ng pinakamataas na Pederal na Kaloob ng Pell para sa taon ng gantimpala nguni't hindi maaaring lumampas sa halaga ng pagdalo ng paaralan para sa taon ng gantimpala. Para sa taong 2020-21 taon ng gantimpala (Hulyo 1, 2020 hanggang Hunyo 30, 2021), ang pinakamataas na gantimpalang Kaloob ng PellKaloob ay $6,345.

Karagdagang impormasyon: https://studentaid.gov/understand-aid/types/grants/iraq-afghanistan-service

**MGA PEDERAL NA PAUTANG SA MAG-AARAL** (Pinagkunan: https://studentaid.ed.gov/sa/types/loans): Ang mga mag-aaral ay maaaring kumuha ng mga pautang upang pondohan ang natitirang gastos sa kolehiyo pagkatapos ng anumang mga iskolarsip, mga kaloob, o iba pang mga mapagkukunang pampinansiyal na tulong na hindi kailangang bayaran. Ang mga pautang ng mag-aaral ay kailangang mabayaran nang may interes. Mayroong apat na mga pangunahing uri ng pederal na pautang ng mag-aaral na kasalukuyang makukuha.

**HERA is a not-for-profit legal services organization dedicated to economic justice. For additional information or to request assistance, please contact us at inquiries@heraca.org or (510) 271-8443 ext. 300**

**Mga Direktang Pantulong na Salapi na Pautang**

Mga pautang na ginawa para sa mga karapat-dapat na mag-aaral na undergraduate na nagpapakita ng pampinansyal na pangangailangan

**Mga Direktang Di-pantulong na Salapi na Pautang**

Mga pautang na ginawa para sa karapat-dapat na undergraduate, nakapagtapos, at mga propesyonal na mag-aaral, nguni't ang pagiging karapat-dapat ay hindi batay sa pampinansyal na pangangailangan

**Mga Direktang PLUS na Pautang**

Mga pautang na ginawa para sa nakapagtapos o propesyonal na mga mag-aaral at mga magulang ng mga sustentadong undergraduate na mag-aaral upang matulungang magbayad ng mga gastos sa edukasyon na hindi saklaw ng iba pang pampinansiyal na tulong

**Mga Direktang Pagsasama-sama ng Pautang**

Pinahihintulutan kang pagsamahin ang lahat ng iyong karapat-dapat na pederal na pautang ng mag-aaral sa isang solong pautang na may isang solong tagapagserbisyo ng pautang

**MAGKANO ANG MAAARI MONG HIRAMIN?**

**Undergraduate na mag-aaral:** $5,500 hanggang $12,500 bawa't taon, depende sa kung anong taon ka nasa paaralan at kung ikaw ay sustentado ng ibang tao.

**Nakapagtapos o propesyonal na mag-aaral**: hanggang sa $20,500 bawa't taon sa mga Direktang Di-pantulong na Salapi na Pautang; maaari din magamit ang mga Direktang PLUS na Pautang para sa nalalabi ng iyong mga gastos sa kolehiyo na hindi saklaw ng iba pang pampinansiyal na tulong.

**Magulang ng isang sustentadong undergraduate na mag-aaral:** maaari kang makatanggap ng isang Direct PLUS na Pautang para sa nalalabing mga gastos sa kolehiyo ng iyong anak na hindi saklaw ng iba pang pampinansiyal tulong.

